02

# Buod ng Tagapagpaganap

ITINAKDA ANG BC ELECTORAL BOUNDARIES COMMISSION UPANG REBYUHIN ANG PROVINCIAL ELECTORAL DISTRICT BOUNDARIES.

**Ang British Columbia ay isang demokrasiyang may pangangatawan. Ang province ay hinati sa 87 electoral districts na tinatawag ding ridings. Ang mga táong naninirahan sa bawat riding ay boboto para sa táong nais nilang kumatawan sa kanilang mga kagustuhan sa lehislatura.**

Ang sistema ng "pangangatawan ayon sa populasyon" ("representation by population") ay batay sa ideya na ang boto ng isang tao ay dapat kasing halaga ng boto ng ibang tao, saanman siya nakatira sa province. Upang mangyari ito, ang populasyon ng bawat riding ay dapat halos pareho.

Ang prinsipyo ng pangangatawan ayon sa populasyon sa British Columbia ay kaugnay ng kasing-halagang prinsipyo ng "mabisang pangangatawan". Kinikilala ng mabisang pangangatawan na ang mga nahalal na representatives ay hindi lamang umuupo sa lehislatura at bumoboto; sila rin ay may mahalagang tungkulin na tulungan ang kanilang constituents na makipagtalakayan sa mga ahensiya ng pamahalaan. Ito'y tinatawag na ombudsperson role ng mga korte. Ang mabisang pangangatawan ay batay sa ideya na ang lahat ay may pantay-pantay na access sa kanilang nahalal na representative, lalo na sa ombudsperson role, gaano man kalaki ang kanilang riding at anuman ang population density o imprastruktura nito.

Dahil ang populasyon ng British Columbia ay nagbabago, mahalagang rebyuhin pana-panahon ang bilang at boundaries ng electoral districts ng B.C. upang patuloy na masigurado na ang B.C. residents ay may mabisang pangangatawan ayon sa populasyon. Ayon sa *Electoral Boundaries Commission Act* (ang Act o Batas), dapat magtakda ng isang electoral boundaries commission kada




pangalawang provincial general election upang magmungkahi ng mga pagbabago sa area, sa boundaries, at sa mga pangalan ng electoral districts sa province.

Ang aming Komisyon ay inappoint noong Oktubre 21, 2021. Kami ay sina:

Justice Nitya Iyer, Justice of the Supreme Court of British Columbia (Chair)

Linda Tynan, Local Government Advisor

Anton Boegman, Chief Electoral Officer of British Columbia

Mababasa mo ang aming mga background at kasaysayan ng electoral boundaries commissions sa B.C. sa Chapter 3 ng report na ito.

Sadyang nirereperensiya ng Act ang mga prinsipyo ng pangangatawan ayon sa populasyon at mabisang pangangatawan. Ito'y nagbibigay-kahulugan sa kanila sa pamamagitan ng pagtakda sa proseso na dapat sundin ng aming Komisyon at pagtakda ng factors na dapat nitong isaalang-alang.

Dapat tayong gumawa ng mga proposal o mungkahi para sa mga pagbabago sa electoral boundaries, at maaari kaming magmungkahi nang hanggang anim na bagong electoral districts; maaari nitong palakihin ang size ng Legislative Assembly mula 87 at gawin itong 93 Miyembro. Maaari kaming magtanghal ng initial public meetings, o hearings, at dapat

IMAGE 1: PUBLIC MEETING SA NANAIMO, B.C. CREDIT: BC ELECTORAL BOUNDARIES COMMISSION. MARSO 22, 2022.

dalhin namin ang aming preliminary report ng mga iminumungkahing pagbabago sa lehislatura sa loob ng isang taon ng aming appointment. Pagkatapos noon ay dapat kaming magtanghal ng public hearings upang makakuha ng public input tungkol sa aming mga proposal. Pagkatapos naming isaalang-alang ang input na iyon, dapat naming bigyan ang kasalukuyang Members of the Legislative Assembly (mga MLA) ng pagkakataong gumawa ng mga submission sa amin. Ang aming final report na maglalaman ng anumang mga pagbabagong imumungkahi namin alinsunod sa input na aming matatanggap ay dapat dalhin sa lehislatura sa loob ng anim na buwan ng petsa ng aming unang report. Ang lehislatura ang magpapasiya kung tatanggapin nito ang lahat, ang ilan sa kanila, o kung wala silang anumang tatanggapin sa aming mga rekomendasyon.

Itinatakda ng Seksyon 9 ng Act ang mga prinsipyong dapat naming iaplay. Dapat naming tiyakin ang pangkalahatang bilang ng mga tao sa bawat electoral district -- ito'y tinatawag na "electoral quotient" – sa pamamagitan ng pag-divide sa populasyon ng province sa bilang ng electoral districts na aming iminumungkahi. Iniuutos sa amin ng Act na magmungkahi ng electoral district boundaries batay sa heyograpiya (kabilang na ang accessibility, size, at physical configuration ng mga parte ng British Columbia), demograpiya (kabilang na ang communities of interest, kung gaano kaliit o kalaki ang populasyon, at rate ng paglaki ng populasyon), at paraan ng komunikasyon at transportasyon. Ayon sa Act, sa karamihan ng mga sitwasyon, dapat kaming magmungkahi ng electoral districts na may mga populasyon sa loob ng +/-25% ng electoral quotient. Ito'y tinatawag naming "karaniwang deviation range."

Kinikilala rin ng Act na maaaring hindi laging posibleng magmungkahi ng ridings sa loob ng karaniwang deviation range na ito na nagsisigurado na may mabisang pangangatawan para sa kanilang residents. Pinahihintulutan kami nito na gumawa ng mga mungkahi para sa electoral districts na may mga populasyon na nasa labas ng karaniwang deviation range kung ito'y "kinakailangan upang maglaan ng mabisang pangangatawan." Kapag tinitiyak namin ito, dapat naming isaalang-alang ang special geographic considerations, kabilang na ang manageable geographic size o special demographic considerations, kabilang na ang communities of interest.

Pagkatapos kaming ma-appoint, napagpasiyahan namin na nais naming makarinig mula sa publiko bago kami bumuo ng anumang mga sariling opinyon tungkol sa kung ano dapat ang aming mga mungkahi. Gusto naming maging accessible hanggat maaari sa pamamagitan ng pagbiyahe nang personal sa mga komunidad, pagtanghal ng virtual meetings, at pag-imbita ng submissions gamit ang aming website, email, at mail. Noong isinagawa namin ang aming unang proseso ng konsultasyon, nagtanghal kami ng 50 public meetings sa 43 komunidad at nakatanggap kami ng mahigit sa 1,000 indibidwal na submissions.

Nangolekta rin kami ng impormasyon tungkol sa populasyon, kung gaano lumaki ang populasyon, heyograpiya, transportation routes, at internet connectivity mula sa ilang sources. Natutunan namin ang kasaysayan ng electoral boundary-drawing sa B.C. at sa Canada, nagbasa kami ng mga artikulo at kaso sa korte tungkol sa konstitusyonal na karapatan upang bumoto, at nakipag-usap kami sa mga eksperto sa akademiya at sa mga miyembro ng mga dating electoral boundaries commissions. Batay dito, sa aming konsultasyon sa publiko, at sa aming pagbasa ng Act, nagdibelop kami ng mga prinsipyo upang patnubayan ang aming mga pagpapasiya.

Basahin ang Chapter 4 ng report na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kahulugan ng mga salitang ginamit sa Act, sa

aming mga nagpapatnubay na prinsipyo, at sa prosesong nauwi sa aming mga proposal.

Nilalaman ng Chapter 5 ang aming mga proposal at aming mga dahilan para dito; mayroon din itong mga mapa ng mga boundary ng bawat iminumungkahing electoral district at area maps na nagpapakita ng ugnayan ng mga electoral district sa kapitbahayan. Para gawin itong madali, hinati namin ang province sa 11 geographical areas: Vancouver Island, the North, Prince George at Cariboo, the Kootenays, the Interior, Fraser Valley- Langley-Maple Ridge, Burnaby-New Westminster-Tri-Cities, Vancouver, Surrey, Richmond-Delta, at North Shore-Sea to Sky-Sunshine Coast. Sila'y nakalista sa pagkakasunud-sunod na sinunod namin para sa aming mga pagpapasiya.

Nagmumungkahi kami ng anim na bagong electoral districts. Ang apat ay nasa Lower Mainland kung saan ang mga populasyon ng maraming electoral districts ay kasalukuyang mahigit sa 25% dagdag sa electoral quotient, at sila'y tinatatayang lumaki nang mas mabilis kaysa sa mga populasyon ng ridings sa natitirang bahagi ng province. Ang bagong electoral districts na ito ay nasa Burnaby, Langley, Surrey, at Vancouver. Sa Vancouver Island, nagmumungkahi kami ng karagdagang riding sa Langford area upang masigurado na ang electoral districts sa mabilis na lumalaking area na ito ay nananatili sa karaniwang deviation range. Nagmumungkahi kami ng isang bagong electoral district sa Interior area, na siyang mas mabuting magbabalanse sa mga populasyon sa mga mabilis na lumalaking komunidad ng West Kelowna, Kelowna, Lake Country at Vernon.

Sa panahon ng aming pagmungkahi sa anim na bagong electoral districts at nang ginamit namin ang 2021 population statistics, ang electoral quotient ay 53,773 at ang karaniwang deviation range ay nasa pagitan ng 40,330 at 67,216 tao sa bawat riding.

Iminumungkahi namin na hindi baguhin ang mga pangalan o boundaries ng 16 electoral districts. Sa gayon ay may natitirang 71 ridings na may boundaries na iminumungkahi naming i-adjust. Marami sa mga pagbabagong ito ang maiuugnay sa anim na bagong electoral districts. Ito'y dahil ang paglikha ng bagong district ay mangangailangan ng boundary adjustments sa ibang ridings sa area.

Sinasalamin ng ibang mga iminumungkahing pagbabago ang aming pagsisikap na dalhin ang populasyon ng pinakamaraming electoral districts na maaari sa loob ng karaniwang deviation range na +/- 25% ng electoral quotient. Halimbawa, sa Kootenays, dalawa sa apat ng kasalukuyang electoral districts – ang Columbia River-Revelstoke at ang Nelson-Creston – ay mas mababa sa karaniwang deviation range. Dadalhin ng aming iminumungkahing electoral boundary adjustments ang mga populasyon ng dalawang distritong ito sa loob ng karaniwang deviation range.

Sa kasalukuyan, 17 electoral districts ang nasa labas ng karaniwang deviation range: anim dito ang may mataas sa maximum at 11 ang may mas mababa sa minimum. Sa aming mga iminumungkahing pagbabago, ang lahat maliban sa limang ridings ay mapupunta sa loob ng range.

Ang limang ridings na may mga populasyon na mas mababa sa karaniwang minimum ay ang North Coast, Skeena, Bulkley Valley-Stikine, Nechako Lakes at Peace River South.[1] Ang populasyon ng pang-anim na northern riding, ang Peace River North, ay lumagpas lamang nang kaunti sa karaniwang deviation range. Bagamat iniiksamin namin ang mga opsyon para i-adjust ang electoral boundaries sa area na ito, kabilang na ang pagsama-samahin ang kasalukuyang anim na ridings at gawin silang lima, kumbinsido kami na ang anumang mga ganoong pagbabago ay mag-aalis sa residents ng mabisang pangangatawan. Ang

napakalaking geographic size ng marami sa ridings na ito at ang kanilang mapanghamong terrain at weather, pati na ang mga limitadong opsyon sa transportasyon at mahinang internet connectivity ay nagkokombinse sa amin na dapat talagang panatilihin ang kanilang kasalukuyang boundaries.

Ang ibig sabihin nito'y ang weight ng isang boto sa riding ng province na may pinaka-kaunting populasyon ay hindi magkakaroon ng apat na beses na weight ng isang boto sa riding ng province na may pinaka-malaking populasyon. Ang pagkakaiba ay magiging mga 3:1. Sa aming opinyon, ito ang magiging konsekwensiya ng pagbalanse ng mga prinsipyo ng pangangatawan ayon sa populasyong may mabisang pangangatawan sa maximum ng 93 ridings, tulad ng iniuutos ng Act.

Iminumungkahi rin namin ang boundary adjustments upang bawasan ang population disparities ng mga magkakatabing ridings nang makapaglaan ng karagdagang lugar para sa paglaki ng populasyon na inaasahang mangyari bago ng susunod na electoral boundaries commission review. Magagamit namin ang aming data upang tantiyahin kung gaano kabilis lálaki ang populasyon sa mga partikular na lugar. Gayunman, hindi namin siguradong masasabi kung ang populasyon ay lálaki sa isang riding o sa mga kapitbahay nito. Kapag naglaan kami ng lugar para sa paglaki ng populasyon sa pinakamaraming riding na maaari, babawasan ng aming mga proposal ang probabilidad na ang mga populasyon ng riding ay lálaki o liliit sa labas ng karaniwang deviation range sa susunod na walong taon.

Ang aming mga iminumungkahing pagbabago ay nangangahulugan na ang ilang mga pangalan ng riding ay hindi na wasto o maaaring makalito. Sa mga ganoong kaso ay iminumungkahi naming baguhin ang mga pangalan. Ginamit namin ang mga pangalan ng electoral districts na iminumungkahi namin sa deskripsyon ng riding sa Chapter 5.

Bukod pa sa mga detalye ng aming proposal na nakatakda sa Chapter 5, mayroon ding interactive map na may kasalukuyan at iminumungkahing electoral districts sa aming website (bcebc.ca).

Matapos ilathala ang report na ito, ikinalulugod naming marinig ang mga opinyon ng mga taga-British Columbia tungkol sa aming mga proposal. Mayroong iba't-ibang mga paraan upang maibahagi ang inyong mga opinyon sa amin. Kami ay magsasagawa ng in-person at virtual hearings mula gitna ng Oktubre hanggang sa simula ng Nobyembre. Maaari mo ring kumpletohin ang survey sa aming website, o kaya'y kontakin kami gamit ang email, telepono, o mail.

Makakahanap ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga opsyon na ito sa Chapter 6 ng report na ito. Ang deadline para sa lahat ng pagsusumite ay Nobyembre 22, 2022. Pagkatapos noon ay ihahanda namin ang aming final report at mga rekomendasyon. Dapat itong isumite sa lehislatura sa Abril 3, 2023.

## Paunawa

1. SA BUONG REPORT NA ITO AY BINABANGGIT NAMIN ANG MGA ISPESIPIKONG ELECTORAL DISTRICTS GAMIT ANG MGA PANGALAN NA IMINUMUNGKAHI NAMIN PARA SA KANILA.